# Maunawaan ang iyong credit report

Sa sandaling hiniling mo ang iyong libreng credit report, puwede mong gamitin ang impormasyon sa ibaba para makita ang kahulugan nito at tiyakin na walang mali.

Mas madaling matagumpay na suriin ang iyong credit report kapag alam at nauunawaan mo ang lahat ng bahagi, ang kahulugan ng mga ito, at paano nakakaapekto ang mga ito sa sitwasyon ng iyong credit.

Puwedeng magkakaiba ang format ng mga ulat o gumamit ng iba't ibang salita, pero saklaw nito ang parehong impormasyon, na inilarawan sa ibaba.

| | |
|---|---|
| | Numero ng file: 12345678<br>Petsa nang naisyu: 9/30/2017 |
| **Personal na impormasyon** | |
| **Pangalan:** Miguel Smith | **NSS:** XXX-XX-1234 |
| **Iba pang pangalan:**<br>Miguel S Smith<br>Miguel Simón Smith | **Petsa ng kapanganakan:** 12-1-1980<br>**Numero ng telepono:** 555-555-1000 |
| **Iniulat na address:**<br>457 First Street, Littletown, MI 09876 13476<br>Avenue A, Big City, WI 43526 | |
| **Iniulat na datos ng trabaho** | |
| **Pangalan ng employer:** Riviera Restaurants<br>**Posisyon:** Manager<br>**Petsa nang iniulat:** 3/2013<br>**Petsa nang na-hire:** 11/2010 | **Employer:** Freer Chiropractic College<br>**Petsa ng iniulat:** 6/2008<br>**Posisyon:** Mga serbisyo ng pagkain<br>**Petsa nang na-hire:** 3/2008 |

## Personal na impormasyon

Ginagamit ng mga kompanya sa pag-uulat ng credit ang iyong personal na impormasyon para kumpirmahin na ikaw ang taong nagbukas ng mga account na nakalista sa ulat. Maingat na tingnan ang seksyong ito para tiyakin na tama at na-update ang iyong impormasyon. Kapag may maling pangalan o Social Security number, puwede kang singilin para sa utang ng isa pang tao.

| Mga pampublikong tala | |
|---|---|
| **Big City Wisconsin Court Docket# 200900001467**<br>515 C St, NE, Big City, WI 43528 | |
| **Petsa nang ma-file:** 8/3/2015 | **Halaga:** $11,987 |
| **Uri:** Kabanata 7 Pagka-bankrupt | **Responsibiliad:** Indibidwal |

## Mga pampublikong record

Ang mga pagka-bankrupt at, sa ilang kaso, mga pagkaremata ang tanging mga pampublikong record na makikita sa isang credit report mula sa tatlong pambansang kompanya sa pag-uulat ng credit. Puwedeng magkaroon ng negatibong epekto sa iyong credit record at mga score ang mga pampublikong talaan ng korte. Puwedeng makita ang mga pagka-bankrupt sa iyong credit report sa loob ng hindi bababa sa 10 taon. Puwedeng magdulot ng mas mataas na antas ng interes o pagtanggi para sa isang credit ang negatibong impormasyon sa iyong credit report.

# Impormasyon ng account

Sa seksyon na impormasyon ng account, isa-isang ipapakita ang iyong mga account ng credit. Karaniwang ina-update ng mga nagpapautang ang impormasyong ito kada buwan. Karaniwang kasama sa impormasyon ang kasaysayan ng iyong pagbabayad, nasa takdang oras man ang iyong account o nahuhuli na, ang iyong balanse, at ang uri ng loan o account. Kung ipinapakita sa iyong credit report ang pangalan ng isang nagpapautang na hindi pamilyar sa iyo, puwedeng ito ang pangalan ng pangunahing kompanya ng nagpapautang o bagong kompanya na sinalihan ng nagpapautang. Tingnan ang fine print sa iyong buwanang bayarin o makipag-ugnayan sa nagpapautang kung hindi ka sigurado. Kung ipinapakita sa iyong credit report ang isang account na hindi sa iyo, may karapatan kang tutulan ito.

Ipinapakita ang impormasyon ng account mula sa iyong kompanya ng credit card at iba pang nagpapautang sa iyong credit report bilang kasiya-siya o may magandang katayuan, o ang kabaligtaran o posibleng negatibo.

| **Impormasyon ng account** | |
|---|---|
| **Littletown Bank (B62391), Cuenta n.º 2010004637** | |
| **Balanse:** $14,285 | **Katayuan ng bayad:** 30 days past due |
| **Petsa na na-update:** 8/31/2019 | **Uri ng account:** Sasakyan |
| **Mataas na balanse:** $16,500 | **Responsibilidad:** Indibidwal |
| **Hindi pa nababayaran:** $395 | **Petsa na binuksan:** 2/05/2019 |
| **Mga Term:** $395/month 48 months | **Natanggap na bayad:** $395 |
| **Uri ng account:** Sasakyan | **Huling pagbabayad:** 7/05/2019 |

| | 8/05/2019 | 7/05/2019 | 6/05/2019 | 5/05/2019 | 4/05/2019 | 3/05/2019 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Balanse** | $14,285 | $14,680 | $14,988 | $15,294 | $15,598 | $15,901 |
| **Nakaiskedyul na pagbabayad** | $395 | $395 | $395 | $395 | $395 | $395 |
| **Halagang Binayaran** | $0 | $395 | $395 | $395 | $395 | $395 |
| **Hindi pa Nababayaran** | $395 | $0 | $0 | $0 | $0 | $0 |
| **Rating** | 30 | OK | OK | OK | OK | OK |

## Mga kasiya-siyang account

May magandang katayuan ang mga kasiya-siyang account dahil hindi nakatanggap ng mga negatibong ulat kamakailan ang kompanya sa pag-uulat ng credit. Karaniwan pa ring iniuulat ang isang account bilang nakapagbabayad sa takdang petsa kung binayaran ito sa loob ng 30 araw ng takdang petsa. Pinangangalagaan ng pagbabayad sa takdang petsa ang iyong credit record at credit score.

| **Mga koleksyon** | |
|---|---|
| Mga maaasahang koleksyon (Y76381): Account #3629 | |
| Orihinal na nagpapautang: ABC Megastore | Halagang inilagay: $2,500 |
| Binuksan: 7/2/2013 | Uri ng account: Bukas |
| Balanse: $1,000 | **Responsibilidad:** Indibidwal |

## Mga posibleng negatibong account

Ang mga account na lipas na sa takdang petsa o sa mga koleksyon ay nakalista bilang masama o malamang na negatibo. Ang isang kompanya sa pag-uulat ng credit ay karaniwang nag-uulat ng karamihan sa mga negatibong impormasyon, tulad ng mga pagbabayad at koleksyon, sa loob ng pitong taon. Baka makita mo na may ibang pangalan ng kompanya sa iyong orihinal na loan. Paminsan-minsang hinihiling ng mga nagpapautang sa mga panlabas na kompanya na kolektahin ang mga utang na dapat bayaran sa kanila. o kung minsan ay ibinebenta nila ang utang. Sa ganoong mga kaso, ang bagong kompanya na nagmamay-ari ng utang ang nakalista sa iyong credit report kasama ng orihinal na nagpapautang.

# Mga tanong tungkol sa credit

Nakakatanggap ang mga kompanya sa pag-uulat ng credit ng mga tanong mula sa mga negosyo, nagpapautang, o employer kapag hiniling sa kanila na suriin ang iyong credit report. Layunin ng pagtatanong na matukoy kung makakaapekto ito sa

iyong mga credit score.

| Mga pagtatanong na ginawa tungkol sa iyong account | |
|---|---|
| **Mga pagtatanong na makikita sa iba**<br>atanggap ng sumusunod na mga kompanya ang iyong credit report. | |
| **Tindahan ng Auto Loan**<br>90 President Lane, Big City, WI 43529 | **Hiniling noong:** 6/2013 |

## Matitinding pagtatanong

Ginagawa ng isang nagpapautang ang isang matinding pagtatanong para suriin ang iyong credit report kapag nag-a-apply ka ng credit. Puwedeng makaapekto ang matitinding pagtatanong sa iyong mga credit score dahil karamihan sa mga modelo ng pag-score sa credit ay tinitingnan kung gaano kamakailan ka lang nag-apply ng credit at gaano kadalas mo ito ginagawa.

| **Mga pampromong pagtatanong**<br>Natanggap ng sumusunod na mga kompanya ang iyong pangalan, address, at iba pang limitadong impormasyon tungkol sa iyo para makagawa sila ng magandang alok ng pautang o insurance. Hindi nila natanggap ang buo mong credit report. Hindi ipinakita sa iba ang mga ito at hindi makakaapekto sa iyong mga credit score. | |
|---|---|
| **Dress for Success Fashion House** | **Hiniling noong:** 7/2016 |
| 31 Fashion Lane, Big City, WI 43530 | |

| **Mga pagtatanong para sa pagsusuri ng account**<br>Ang mga kompanyang nakalista sa ibaba ay kumuha ng impormasyon mula sa iyong consumer report para suriin ang account ng isang transaksyon sa negosyo. Hindi ipinakita sa iba ang mga ito at hindi makakaapekto sa iyong mga credit score. | |
|---|---|
| **Bank of Wisconsin** | **Hiniling noong:** 6/2017 |
| 457 State Street, Big City, WI 43532 | |

## Magagaang pagtatanong

Naka-record ang isang magaang pagtatanong kapag ang iyong credit file ay sinusuri para sa iba pang dahilan bukod sa iyong aplikasyon para sa credit—halimbawa, kapag tinitingnan ng isang nagpapautang ang isang kasalukuyang account, kapag humiling ka ng sarili mong credit report, at paminsan-minsan ay kapag nagsasagawa ng paunang pag-screen ang isang potensyal na nagpapautang para sa isang pag-aalok ng credit. Hindi nakakaapekto ang magagaang pagtatanong sa iyong mga credit score.

# Kapag nakita mo na ang iyong mga ulat, ipagpatuloy ito

## Gawing regular na gawain ang pagsusuri sa iyong credit report

May karapatan kang humiling ng libreng kopya ng iyong credit report, isang beses kada 12 buwan, mula sa bawat isa sa tatlong pambansang kompanya sa pag-uulat ng credit: Equifax, Experian, at TransUnion. Dagdag pa, hanggang sa katapusan ng 2026, puwede kang makakuha ng anim na libreng credit report kada 12 buwan mula sa Equifax.

Bumisita sa annualcreditreport.com (sa Ingles), tumawag sa (877) 322-8228, o i-download at kumpletuhin ang Annual Credit Report Request Form at ibuson ito sa address na nasa form. Kapag bumisita ka sa site, makakakita ka ng mga hakbang para mas madalas na tingnan ang mga na-update ng ulat online. Nagbibigay ito sa iyo ng mas magandang kakayahan para bantayan ang mga pagbabago sa iyong credit.

## Kumilos kaagad para itama ang mga mali

Puwede kang gumamit ng mga halimbawang sulat para itutol ang mga kamalian sa iyong credit report o tumugon sa mga pagsisikap na kolektahin ang iyong utang. Available ang mga sulat na ito sa consumerfinance.gov/askcfpb/314 (sa Ingles).

## Magsagawa ng mga hakbang para mapahusay o mas maunawaan ang iyong credit

Puwede mong makita ang mga tip at impormasyon sa consumerfinance.gov/consumer-tools/credit-reports-and-scores (sa Ingles).

## Tungkol sa amin

Kinokontrol ng Kawanihan ng Pangangalaga ng Pananalapi ng Konsyumer (Consumer Financial Protection Bureau, CFPB) ang mga pag-aalok at pagbibigay ng mga produkto at serbisyong pampinansyal para sa konsyumer sa ilalim ng mga pederal na batas para sa pananalapi ng konsyumer, at binibigyan ng kaalam at kakayahan ang mga konsyumer para gumawa ng mas matalinong desisyon kaugnay ng pananalapi.

Matuto pa sa consumerfinance.gov (sa Ingles)

## Makipag-ugnayan sa amin

- Magsumite ng reklamo sa consumerfinance.gov/complaint
- Ibahagi ang iyong kuwento sa consumerfinance.gov/your-story
- Makakuha ng mga sagot sa mga tanong tungkol sa pera sa consumerfinance.gov/askcfpb
- Ibahagi ang iyong mga pananaw sa facebook.com/cfpb twitter.com/cfpb